# Ang Hanggahan at Pagkakahon sa Mahihirap na Kababaihan ng Primaryang Edukasyon sa Panahon ng Kolonyalismong U.S. sa Pilipinas

JUDY M. TAGUIWALO*

The educational system of the United States, especially on the primary level contributed to the strengthening of the ideology of familism and the subjugation of women. It does so by differentiating the educational training of women and men, limiting women to sewing, embroidery, lace making, crocheting, tatting, weaving, cooking and food studies, housekeeping, first aid, home care of the sick, and the care and feeding of infants and children. The men on the other hand were trained on gardening, poultry raising, basketry woodworking, and pottery.

This paper explores the dynamics of the system that reinforced the ideological roots of familism and gender division of labor during the early American occupation of the Philippines through an analysis of the curriculum of primary education. It focuses on how the poorer women are not only burdened by the gender bias but also by their economic and class origins.

* Kasalukuyang nagtuturo sa Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. May interes sa pananaliksik tungkol sa kababaihan noong panahon ng Amerikano.

## INTRODUKSYON

Ang 1999 ay sentenaryo ng pananakop ng United States sa Pilipinas. Dati rati'y ang paglatag ng sistema ng edukasyong publiko sa Pilipinas ay itinuring na isa sa malaking positibong ambag ng kolonyal na paghahari ng bansang Norte Amerikano. Gayunman sa pagyabong ng makabayang pananaw sa nakalipas na tatlong dekada, binigyang pansin ang naging papel ng sistema ng edukasyong publiko sa pagpahina ng kamalayang Pilipino na yumabong sa panahon ng Rebolusyong 1896. Suriin muli ang naging kontribusyon ng sistema ng edukasyong publiko sa paghubog sa kababaihang Pilipino hindi lamang sa punto ng pagbubukas ng mga propesyon sa kanila kung hindi sa pagpapalakas at pagsisistematisa ng mababang posisyon ng kababaihan na nag-umpisa noong panahon ng mga Kastila.

Sa pagsusuri sa mga datos na naipon sa aking pananaliksik, gagamitin kong tanglaw ang konsepto ng hatian ng gawain batay sa kasarian o ang *gender division of labor*. Ito ay ang pagtatalaga ng gawain sa lipunan ayon sa pagiging babae o lalaki ng mga indibidwal. Sinasaklaw nito ang hatian ng gawain sa loob at labas ng tahanan. Ayon sa hatian ng gawain batay sa kasarian, ang mga babae ay tinuring angkop sa gawang bahay at pag-aalaga sa mga anak, sa gawain na magagaan ng manupaktura, serbisyo, at pagbibigay aliw sa gawaing bayaran sa labas ng bahay. Ang mga lalaki ay tinuring angkop sa sahurang gawain sa mabibigat ng industriya, sa pamumuno sa loob ng mga organisasyon at wala o minimal na responsibilidad sa loob ng tahanan. Ang hatian ng gawain batay sa kasarian ay hindi simpleng usapin ng pagkakaiba ng katangian ng gawain, pag-iiba rin ito ng pagpapahalaga, katayuan at kapangyarihan.

Napapairal at napapalakas ang ganitong di pantay na hatian ng gawain batay sa kasarian ng ideolohiya ng *familism* na pinapalaganap ng mga institusyon sa lipunan na tulad ng eskuwelahan, simbahan, at midya. Ang ideolohiya ng *familism* ay nagtatakda sa kababaihan bilang may prinsipal na responsibilidad sa pagbubuklod ng tahanan at pag-aalaga ng pamilya. Nabubuod ang ideolohiyang ito sa kasabihang "a woman's place is in the home" *(Eviota:14)*

Paano nakapag-ambag ang edukasyon sa primaryang antas sa panahon ng mga Amerikano sa pagpapatibay ng naturang ideolohiya ng *familism* at sa mababang posisyon ng kababaihan? Ang sagot sa tanong na ito ang tutukan ng aking papel.

## Ang Pag-unlad ng Sistema ng Primaryang Edukasyon sa Panahon ng mga Amerikano

Sa panimula pa lamang ng pagpasok ng mga sundalong Amerikano sa Pilipinas, kagyat na binigyang pansin ng mga pinunong militar nito ang paglatag ng mga eskuwelahang pampubliko. Ang pakunyaring laban sa pagitan ng pwersang Amerikano at Kastila ay naganap noong Agosto 13, 1998. Hindi pa umabot ng isang buwan pagkatapos nito ay binuksan na ang pitong paaralan sa Maynila sa pangangasiwa ni Father W. D. McKinnon, ang *chaplain* ng isang regimente ng mga sundalong Amerikano. Nagtalaga ng mga sundalong Amerikano para magturo ng Ingles *(White:17 na tinukoy sa Flores: 33, at Catapang:137 na tinukoy sa Cook:23)*

Ang panimulang paglalatag ng edukasyong pampubliko ay nabigyan katuwiran sa pinalawak ng Ikalawang Komisyon sa Pilipinas *(Second Philippine Commission)* o ang tinatawag na *Taft Commission*. Ang Komisyong ito na itinalaga ni Presidente McKinley na mangasiwa sa Pilipinas noong Hunyo 1900 ay nag-umpisa na may papel napang-lehislatura habang ipinagpatuloy ng gobernador-militar ang tungkuling ehekutibo. Noong Hunyo 1901, inilipat sa Komisyon ang gawaing administratibo bukod pa sa tungkuling lehislatura. Nagwakas ang gobyernong militar noong Hulyo 4, 1903 sa mga bahagi ng Pilipinas na matagumpay na napailalim sa kapangyarihan ng mga Amerikano.

Ang Act 74 na may pamagat na *"An Act establishing a Department of Public Instruction in the Philippine Islands and appropriating forty thousand dollars for the organization and maintenance of a normal and a trade school in Manila and fifteen thousand dollars for the organization and maintenance of a agricultural school in the island of Negros for the year nineteen hundred and one"* ay pinagtibay ng Taft Commission noong Enero 21, 1901. Itinakda ng Act 74 ang pagtatatag ng *Department of Public Instruction* sa Pilipinas, ang libreng instruksyong primarya sa mga

eskuwelahang pampubliko sa buong kapuluan at ang pag-iiral ng Ingles bilang wikang panturo. Binigyan ng naturang batas ng masaklaw na kapangyarihan ang Pangkalahatang Superintendente ng Departamento bilang punong opisyal (chief officer) kabilang na ang kapangyarihang magtalaga ng mga gurong Amerikano at Pilipino at maghirang ng mga superintendente ng mga dibisyong pang-eskuwelahan.*(Act No. 74)*

Para kay Frederick W. Atkinson, ang Pangkalahatang Superintendente mula 1901 hanggang 1902, *"primary instruction should be obligatory for all children between the ages of 6 and 12 years. Parents who fail to conform should be compelled to do so by fine." (Whitmarsh:989)*

Umpisa noong 1903, patuloy ang paglaki (maliban sa bahagyang pagliit noong 1930 na iniugnay sa krisis sa ekonomya, ang depresyon sa Amerika na ang epekto ay umabot sa Pilipinas) ng bilang ng mga mag-aaral sa antas primarya bagama't karamihan sa mga ito ay hindi makakapagtapos ng intermedya.

**Talaan 1**
**Bilang ng mga Mag-aaral sa Pampublikong Eskuwelahan sa Pilipinas (Elementarya) 1903-1930**

| Taon | Bilang ng Mag-aaral sa mga Primaryang Grado | Bilang ng Mag-aaral sa mga Intermedyang Grado | % ng Mag-aaral sa Primarya na Nakatungtong sa Intermedya |
|---|---|---|---|
| 1903 | 174,000 | 6 000 | 3.44% |
| 1904 | 263,974 | NA | |
| 1905 | 356,362 | NA. | |
| 1910 | 407,592 | 17 144 | 4.21% |
| 1915 | 472,700 | 45 049 | 9.53% |
| 1919 | 492,714 | 62 370 | 12.65% |
| 1920 | 686,786 | 88,136 | 12.84% |

(Pinagmulan: Flores, pp. 35, 40, 51)

(Tingnan ang Talaan 1)

Ipinaliwanag ng isang may-akda na hindi nanatili ng matagal ang mga bata sa eskuwelahan noong unang bahagi ng 1900 dahil sa karamihan ay lampas na sa gulang noong mag-umpisang mag-aral at kailangang huminto na para tumulong sa paghahanapbuhay. Samantala noong dekada 20,

marami na ang mga batang nag-umpisang mag-aral sa edad na pitong taong gulang, ang itinakdang taon nang pagpasok sa Grade 1. *(Flores:51)* Gayunman, lumilitaw na malaking bilang ng mga batang nakatungtong sa primarya ang hindi umaabot sa intermedya. Kung gayon, para sa karaniwang bata sa Pilipinas noong panahon ng Amerikano, ang primaryang edukasyon ang tanging edukasyong pormal na kanilang maaabot.

Ang paglaki ng bilang ng mga mag-aaral sa elementarya ay kaakibat ng pagdami ng mga eskuwelahang pampubliko sa Pilipinas. Noong 1905, mayroon lamang 2,540 eskuwelahang primarya habang may 114 na eskuwelahang intermedya. Noong 1919, naging 4,412 na ang bilang ng eskuwelahang primarya at 501 naman ang eskuwelahang intermedya. *(Flores:39)*

May dalawang tipo ng mga eskuwelahang elementarya. Ang tinatawag na *central school* ay ang eskuwelahang elementaryang matatagpuan sa sentro ng mga munisipyo o lungsod. Ang barrio school naman ay matatagpuan sa mga baryo. *(Cook:27, Alzona:196)*. Halimbawa, noong 1930, may 63 central schools sa Ilocos Sur at 159 na barrio schools. Sa Laguna naman, sa ganoon ring taon, may 53 central schools at 78 na barrio schools. *(Flores:49)*

## Ang Kurikulum ng Edukasyong Primarya

Sa mga unang taon ng Kolonyalismong Amerikano, ipinaubaya sa mga superintendente sa antas dibisyon (karaniwang sumasaklaw sa isang probinsiya maliban sa Maynila na tinuring na isang hiwalay na dibisyon) ang aktwal na pag-organisa sa mga paksa sa primaryang grado maliban sa tagubiling bigyang prayoridad ang pagtuturo ng lenggwaheng Ingles. Kabilang sa mga paksa ang *"reading, writing, arithmetic, English grammar, geography, history, physiology, nature study, music, drawing, physical exercise and industrial work"*. Sa umpisa pa lamang may paghahati sa babae't lalaki kaugnay ng gawaing pambahay. Ang mga babae ay sinanay sa pananahi at pag-aayos ng pamamahay habang ang mga lalaki nama'y sinanay sa paghahardin at industrial work tulad ng paghahabi, *clay modelling, carving* o katulad nito. *(Alzona :188-189)*

Noong 1904-1907 ang kursong primarya ay tumagal lamang ng tatlong taon, tatlong taon din ang intermedya at apat na taon ang hayskul o ang tinawag na 3-3-4. Ang pangunahing layunin nito ay "mabigyan ng edukasyon ang mamamayan, partikular ang bigyan ng edukasyon sa Ingles ang bawat bata sa kapuluan". *(Flores:60)* Mula Grade 1 hanggang Grade 3 ay may *Language* at *Arithmetic* at mga leksyon sa *"singing, drawing handwork"*. Ang handwork ay nahahati sa *"school gardening and toolwork"* sa kalalakihan at *"sewing and elementary housekeeping"* naman para sa mga babae. *(Flores:61)* Inumpisahang ituro ang geograpiya sa Grade 3.

Noong 1907, nirebisa ang kurikulum ng kursong primarya at ginawa itong apat na taon. *(Alzona:200, Flores:62)* Ayon kay Flores, lumitaw ang ganitong pangangailangan sa pagtanto ng mga opisiyal sa edukasyon na marami ang hindi makakapagpatuloy sa pag-aaral. Binigyan din ng dagdag na atensyon ang edukasyong industrial. *(Flores:62)* Ang kurikulum para sa primarya noong 1907 -1909 ay sumalamin ng pangangailangang mabigyan ng praktikal na pagsasanay

**Talaan 2**
**Ang Kurikula sa Edukasyong Primarya sa mga Taong 1907-1909**

| Grade 1 | Grade 2 | Grade 3 | Grade 4 |
|---|---|---|---|
| Reading 20* | Reading 20 | Reading 20 | Reading 20 |
| Language 20 | Language 20 | Language 20 | Language 20 |
| Numbers 20 | Arithmetic 20 | Arithmetic 30 | Arithmetic 30 |
| Writing 20 | Writing 20 (3) | Geography 30 | Geography 30 |
| Industrial Work 30 | Drawing 20 (2) | Writing 20 (3) | Writing 20 (3) |
| Recreation | Spelling 10 | Drawing 20 (2) | Drawing 20 (2) |
| Exercises | Industrial Work 30 | Spelling 10 | Spelling 10 |
| and Music 60 | Recreation | Industrial Work 45 | Hygiene and |
| | Exercises | Music and | Sanitation 20 (3) |
| | and Music 60 | Calisthenics 20 | Government 20 (3) |
| | | | Industrial Work 60 |
| | | | Music and |
| | | | Calisthenics 20 |

*Bilang ng minuto bawat araw sa pagtalakay sa paksa. Ang mga nasa panaklong ay limit ng pagtalakay sa isang linggo. Halimbawa, ang writing sa Grade 2 ay tinatalakay ng 20 minutos tatlong beses sa isang linggo.

(Pinagmulan: Flores:63 batay sa mga Taunang Ulat ng Bureau of Education)

ang mga bata habang tinitiyak na may isang antas ng kaalaman sa pagbabasa at pagsusulat sa Ingles. (Tingnan ang Talaan 2).

Inilatag ng kurikulum sa itaas ang mga batayang kurso para sa bawat grado sa mga eskuwelahang primarya. Tinutugunan ng ganitong kurikula ang layunin ng pag-aaral na binanggit ni David P. Barrows, ang Director sa Edukasyon mula 1903 at 1909:

> *All of the instruction given aim to prepare the young men and women for useful life in the rural towns in which they reside. The language and arithmetic work are based on the individual activities in which the pupils are engaged, or in which they will be employed after leaving school. A series of individual leaflets take up successively the ordinary activities of Filipino communities. In Arithmetic, the work has to do with buying and selling, with loans and a variety of other useful and practical matters. Simple physical geography or elementary physics will be taught and a variety of natural phenomena closely allied to everyday life wil be studied and explained as well as ordinary mechanical devices and discoveries.* (Barrows:16 binanggit ni Flores:67)

Pero, sa pagpapalakas ng *industrial work* na masasalamin sa dami ng minutos na iniukol dito (30 minutos bawat araw para sa *Grades 1* at *2*; 45 minutos bawat araw para sa *Grade 3*; at 60 minutos bawat araw para sa *Grade* 4 lalong pinalakas ng kurikulum ang hatian ng gawain batay sa kasarian na inilatag na sa panahon ng Kastila.[1]

Binigyang pansin ito ng isang lathalaing noong 1915 na tumalakay sa nilalaman ng eskuwelahang pampubliko sa Pilipinas para sa isang pandaigdigang eksibisyon sa San Francisco na tinawag na *"Panama-Pacific Exposition."* Tinukoy ng lathalain na isa sa matingkad na katangian ng instruksyong industriyal sa Pilipinas ay ang tinawag nitong *"differentiation in work for boys and girls in the primary grades"* (*The Philippine Public Schools* :7) Sa iba't ibang bahagi ng lathalain, idinetalye ang mga tinuturo sa mga lalaking estudyante at mga babaeng estudyante. *Home gardening, woodwork,* at paghahabi sa mga lalaki. Pagbuburda, paggantsilyo, pananahi at pagluluto naman ang para sa mga batang babae.

| The Units (Courses Completed) | No. of Years in School | What is This Person Good For | What is He Worth as a Citizen? |
|---|---|---|---|
| Grade 1 (Primary) | 1 | A literate laborer | A literate person |
| Primary | 4 | Intelligent worker | The boy is educationally well qualified for franchise The girl is trained in the care of the home |
| Intermediate | 7 | A well schooled person for a good station in life | The boy is educationally qualified for local leadership The girl is a good housekeeper and will make a real home |

(Pinagmulan: *The Philippine Public Schools*: 59)

Lalong malinaw ang pagkakahon sa kababaihan sa gawaing bahay sa sumusunod na paghahanay na ginawa ng lathalain kaugnay ng pakay ng kurikulum:

Ang diin sa instruksyon sa gawaing industrial o *industrial arts* sa elementarya (binubuo ng kapwa primarya at intermedyang grado) ay mananatili kahit noong 1925 nang gumawa ng surbey sa mga eskuwelahan sa Pilipinas ayon sa itinadhana ng

| Paksa | Bilang ng minuto bawat linggo | |
|---|---|---|
| | Pilipinas | Estados Unidos |
| Reading | 1,400 | 1,914 |
| Arithmetic | 1,100 | 1,077 |
| Geography | 725 | 537 |
| History | 0 | 299 |
| Elem. Science | 0 | 150 |
| Writing | 525 | 474 |
| Music | 625 | 499 |
| Art and Drawing | 460 | 527 |
| Physical Education | 950 | 552 |
| Industrial Arts | 1,350 | 126 |

(Pinagmulan: *The Board of Educational Survey*: 226)

Lehislatura ng Pilipinas. Sa ulat ng 1925 *Board of Educational Survey*, ipinaghambing ang kabuuang bilang ng mga minuto bawat paksa na kinukuha ng mga mag-aaral sa Pilipinas at sa Amerika mula *Grades* 1 hanggang *Grade* 6 sa loob ng isang linggo:

Kapansin-pansing pagkatapos ng *reading*, susunod na pinagkakaabalahan ng mag-aaral sa Pilipinas ay ang *industrial arts*. Kapansin-pansin ring mahigit sa 10 beses ang tagal ng pag-aaral ng *industrial arts* ng mga batang Pilipino kung ikumpara sa kanilang kapwa bata sa Estados Unidos. Wala ring pag-aaral ang kabataang Pilipino sa Kasaysayan at sa Agham.

Ang rekomendasyon ng *Board of Educational Survey* noong 1925 kaugnay ng *industrial subjects* sa primaryang antas ay nagpatuloy sa kalakaran ng pagbibigay diin sa *industrial arts* at hatian ng pag-aaral ayon sa kasarian mula primarya hanggang hayskul. Muling nilinaw ng ulat na ang mga layunin ng *"industrial work"* na binubuo ng mga sumusunod: ang pagkaroon ng pangkalahatang kasanayan, kaalaman at pag-unawa sa kasanayan sa mga yari sa kamay at ang pagkaroon ng mga partikular na kasanayan at kaalaman sa paggawa at pagbebenta ng mga produkto bilang papasukang okupasyon. *(The Board of Educational Survey:277).*

Tinukoy ng ulat na ang *"homemaking subjects"* ng babae ay nag-uumpisa mula *Grade* 2 hanggang ikaapat na baitang ng hayskul. Kabilang sa ganitong aralin ay ang *"sewing embroidery, lace making, crocheting, tatting, weaving, cooking and food studies, housekeeping, first aid, home care of the sick, and the care and feeding of infants and of children".(The Board of Educational Survey:283)* Idiniin ng ulat na kailangang ipagpapatuloy ang *industrial work* sa *Grade* 2 at *Grade* 3. Dinetalye rin ng ulat ang pagkakaiba ng kasanayang kailangang matutunan ng mga batang lalaki at batang babae sa *Grade* 4 at ang kahalagahan nito sa harap ng halos kalahati ng mga mag-aaral sa *Grade* 4 ay hindi na makapagpatuloy sa *Grade* 5. Para sa mga lalaki, nirekomenda na bigyang pansin ang pagsasanay sa *gardening, poultry raising, basketry, woodworking, pottery* o iba pang kasanayang mahalaga sa komunidad. Sa mga batang babae naman, ang kasanayan sa *"garment making and care of clothing and household textiles, cooking and food studies, housekeeping, and a small amount of embroidery or lace making or crocheting"* ay binigyang diin. *(The Board of Educational Survey:288-289).*

## SINA ALING PELING AT ALING ONING BILANG MGA BABAENG MAG-AARAL SA PANAHON NG MGA AMERIKANO

Parehong taga-Candon, Ilocos Sur sina Felisa Abaya Gray (Aling Peling) at Veronica Galon de la Cruz (Aling Oning). Matanda ng halos walong taon si Aling Peling kay Aling Oning. Ang una ay ipinanganak noong Pebrero 17, 1917 habang ang huli ay ipinanganak noong Disyembre 28, 1924.

Parehong nakapag-aral sa elementarya ang dalawa. Dahil nakatira si Aling Peling sa isang baryo ng Candon, pumasok siya sa Tablac *Barrio School,* na may limang kilometro ang layo sa poblacion. Taga-bayan naman si Aling Oning, kaya pumasok siya sa *central school,* ang Candon Elementary School na matagpuan sa harap lamang ng kanilang bahay. Parehong pitong taong gulang sila noong nag-umpisa sila ng Grade 1; bandang 1924 para kay Aling Peling at bandang 1931 para kay Aling Oning. Parehong hindi nakatapos ng elementarya ang dalawa. Si Aling Peling ay nakapag-umpisa ng Grade 4 pero hindi na niya ito natapos habang si Aling Oning nama'y nakaabot ng Grade 6 pero hindi niya rin ito natapos.

Kahirapan o ang "kawalan ng panustos", ang parehong dahilan ng pagkahinto ng kanilang pag-aaral. Walang lupa ang mga magulang ni Aling Oning at pagbabayo lamang ang ikinabubuhay kung saan tumatanggap sila ng isang bahagi sa bawat 10 "bugkos" ng palay na binabayo at tinatahipan. Nakitira lamang si Aling Peling sa kanyang tiyahing magsasaka na may kaunting lupa at tumulong siya sa gawaing bahay bilang kapalit ng pagpapaaral sa kanya.

Bagama't mas maiksing panahon ang tigil ni Aling Peling sa eskuwelahan at mas matanda siya kay Aling Oning, mas marami siyang matatandaang detalye ukol sa kanyang pag-aaral. Ayon sa kanya magkasama ang babae at lalaki sa bawat grado pero hiwalay ang mga upuan nila sa loob ng klase. Ganito rin ang kaayusan sa panahon ni Aling Oning. (*Tingnan ang Larawan sa apendiks ng halimbawa ng sistema ng pag-upo ng mga mag-aaral)* Pagbasa at pagsulat sa Ingles at *Music* ang bumakat sa kaisipan ng dalawa tungkol sa mga paksang pinag-aralan. "I Have Two Hands" ang kayang kantahin ni Aling Oning na natutunan niya

sa panahong iyon. Ang pagdrowing na gumagamit ng mga buto ng ipil-ipil ang matingkad na nanatili sa isip ni Aling Peling.

Ang pagluluto at pananahi, ayon kay Aling Oning, at ang pagbuburda, ayon naman kay Aling Peling, ang itinuro sa mga babae. Pero hindi naging matingkad ito para kay Aling Oning, wala raw siyang hilig sa mga ito. Ang pagtuturo sa kababaihan at kalalakihan ng mga partikular na kasanayan ay nag-umpisa sa *Grade* 2, isang patotoo sa binanggit na ulat ng *Board of Educational Survey* (p. 287) Simpleng pagbuburda (*running stitch* at *back stitch*, halimbawa) ang pinag-aaralan ng mga babaeng nasa *Grade* 2 habang *gardening* naman at *bamboo weaving* sa anyo ng salaan ang para sa mga lalaking nasa *Grade* 3. Tuloy pa rin ang pagbuburda sa *Grade* 3 para sa mga babae hanggang sa pag-aaral na pananahi ng damit sa *Grade* 4. Ang mga lalaki nama'y patuloy sa *gardening* sa mga susunod na baitang at nagtatanim ng mga gulay tulad ng pechay at repolyo. Ang paliwanag ni Aling Peling sa pagkakaiba ng mga itinuturo sa babae at lalaki kaugnay ng *industrial arts* ay may pagkilala sa hatian ng gawain ng kasarian sa panahon na iyon. Aniya, "Seguro ang babae ay itinuturo na manahi dahil yan ang tungkulin ng mga babae. Ang lalaki sa lupa, seguro dahil ang pagsasaka ay panlalaki."

Ang paksang *Physical Education* ang isa pang larangang may hiwalay na programa para sa babae't lalaki. *Calisthenics, military drill, folk dancing, group games* at *athletics* ang mga nilalaman ng physical education sa mga eskuwelahan sa panahon ng Amerikano. *(The Board of Educational Survey:483-489)*.Ang *military drill* ay panlalaki at bagamat parehong babae at lalaki ang nakakalahok sa *calisthenics, folk dancing, group games* at *athletics*, may hiwalay na pambabae at panlalaking aktibidad.*(Tingnan ang larawan sa apendiks)* Maliban sa mga *group games* sa anyo ng piko (para sa mga babae) at paglalaro ng trumpo (para sa mga lalaki) walang matatandaang iba pang anyo ng *physical education* si Aling Peling. Posibleng ito ay dahil hanggang grade 4 lang siya at sa isang barrio school pumasok na mas kakaunti ang pasilidad sa pagtuturo ng iba pang mga aktibidad.

Samantala, matingkad kay Aling Oning ang partisipasyon niya sa tinawag niyang *softball* bilang bahagi ng kanyang *physical*

*education*. *Pitcher* ang kanyang posisyon sa laro at matatandaan niya ang kahalagahan ng senyales sa pagitan niya at ng catcher kaugnay ng klase ng pagpukol sa bola, kung *fast ball* ba o *slow ball*. Matandaan niya rin ang oportunidad na ibinigay nito sa pagpunta sa ibang parte ng probinsya para maglaro, "dumayo kung saan-saan" ayon sa kanya.

Kawalan ng panustos ang dahilan ng paghinto ng dalawa sa pag-aaral. Para kay Aling Oning, malinaw na pangkabuhayan ang kagyat na dahilan. Bagama't libre ang pag-aaral, wala silang pambili ng mga pangangailangan para sa eskuwelahan. Mismong papel ay kailangang hingin niya sa kanyang kaklase. Ang kakapusan ang posibleng dahilan kung bakit sinabi niyang wala siyang hilig sa pagluluto at pananahi. Kailangan ring magpaluwal ng pera para sa materyales na kailangan sa pananahi at pagluluto sa eskuwelahan. Kaya pagkatapos mahinto sa pag-aaral at bago lumuwas ng Maynila para mamasukan, kasama na siya ng kanyang mga magulang sa pagbabayo at pakikiani para magkaroon ng bigas at para may pambili ng iba pang pangangailangan.

Samantala, habang malinaw na kahirapan rin ang dahilan ng pagtigil ni Aling Peling sa pag-aaral, ang kanyang paliwanag tungkol dito ay may kaakibat na ideolohiya sa kasarian:

> Hindi ko na natapos ang Grade 4. Walang maitustos. Mahirap ang tao. Sabi sa akin, tama na ang aral. Babae kayo. Marunong na kayo sumulat at bumasa. Pwede na yan. Di bale na lalaki ang mag-aaral. Ang babae para sa bahay, pantahanan lang. Yan ang ugali ng mga Pilipino noong araw. Karamihan ay hindi nakapagtapos pero may ilang may-kaya na nagpatuloy.

Pagkahinto ng pag-aaral, patuloy na nanilbihan si Aling Peling sa kanyang tiyahin. Nagtrabaho siya sa loob ng bahay, nagbabayo ng palay at nag-iigib ng tubig at tumulong sa mahirap na gawain sa tabakohan.

Parehong napadpad sa Maynila ang dalawa para mamasukan bilang mga katulong. Labing-pitong taong gulang si Aling Peling nang nag-umpisang mamasukan noong 1934. Siya'y naging *housegirl*, yaya at labandera sa iba't ibang amo hanggang sa nakapag-asawa noong

1938. Dalawampu't isang taong gulang naman si Aling Oneng nang lumuwas ng Maynila noong 1945. Namasukan rin bilang katulong sa iba't ibang amo hanggang sa makapag-asawa.

**KONKLUSYON**

Para sa kababaihang Pilipinong mahihirap tulad nina Aling Peling at Aling Oning, ang pagkakataon na ibinigay ng sistema ng edukasyong pampubliko ng mga Amerikano ay may malinaw na hanggahan at pagkakahon sa kanila.

Nagbigay ito ng oportunidad sa kanila para matutong bumasa, sumulat at magkwenta, kasanayang limitado sa kababaihang may-kaya noong panahon ng Kastila. Binuksan rin nito ang daigdig ng *athletics* sa kababaihan tulad ng *softball.*

Pero sa kabuuan, ang pag-aaral at pagsasanay na ito ay may hanggahan. Bagama't libre ang edukasyon sa mababang antas, ang tulak ng kahirapan at ang nangingibabaw na paniniwalang pantahanan lamang ang kababaihan ay nagbubunga nang maagang paghinto sa pag-aaral ng mahihirap na kababaihang tulad nina Aling Peling at Aling Oning.

Ang kurikulum na inilatag ng mga Amerikano sa primarya (at kahit sa intermedya at hayskul) ay hindi rin nakahulagpos sa pagkakahon sa kababaihan bilang maybahay. Kaya naging malinaw na hinangad na resulta ang, "*The girl is trained in the care of the home*" o "*the girl is a good housekeeper and will make a real home*" kapag nakapagtapos siya ng apat na taong primarya o pitong taong pag-aaral sa elementarya.

Kung gayon, nagsilbi ang edukasyong primarya sa pag-iiral ng pananaw sa kababaihan bilang pantahanan at napalawak pa ang ganitong pananaw dahil sa kalawakan ng eskuwelahang pampubliko na itinatag sa buong kapuluan. Inihanda rin ng ganitong sistema ng edukasyon ang kababaihang mahihirap para mapaloob sa gawaing sahuran bilang mga katulong o mga manggagawa sa mga patahian at burdahan-- mga larangan ng paggawa na bahagi ng balangkas pang-ekonomiya na itinayo ng mga Amerikano.

## SANGGUNIAN

### I. MGA PRIMARYANG BATIS

A. NAKASULAT NA MGA PRIMARYANG BATIS

Act No. 74 (January 21, 1901) *"An Act establishing a Department of Public Instruction in the Philippine Islands and appropriating forty thousand dollars for the organization and maintenance of a normal and a trade school in Manila and fifteen thousand dollars for the organization and maintenance of an agricultural school in the island of Negros for the year nineteen hundred and one"*

The Board of Educational Survey (1925). *A Survey of the Educational System of the Philippine Islands.* Manila:Bureau of Printing.

Encarnacion Alzona (1932). *A History of Education in the Philippines, 1565-1930.* University of the Philippines Press: Manila. (1st ed.)

David P. Barrows (1908). *Eighth Annual Report of the Bureau of Education.* Manila:Bureau of Printing.

Vincent R. Catapang (1926). *The Development and the Present Status of Education in the Philippine Islands.* Boston, Mass: The Stratford Company as cited by Cook.

Katherine M. Cook (1935). *Public Education in the Philippine Islands* (Bulletin 1935, No. 9). Washington:United States Government Printing Office

Mariano S. Flores (1933). *The Development of Elementary Schools in the Philippine Islands.* M.A. Dissertation. The University of Chicago.

Frank R. White (1911). *Service Manual.* Bureau of Education Bulletin, No. 41. Manila: Bureau of Printing as cited by Flores, p. 33

Phelps Whitmarsh (1900). "Education in the Philippines" sa *The Outlook,* (weekly magazine na inilathala sa New York City) 22 December 1900. pp.986-990.

________________(1915). *The Philippine Public Schools at the Panama-Pacific International Exposition.* San Francisco, California:Marnell and Company.

B. MGA PANAYAM

Panayam kay Felisa Abaya Gray, Oktubre 2, 1998

Panayam kay Veronica de la Cruz Galon, Oktubre 2, 1998

## II. Sekundaryong Mga Batis

Elizabeth Uy Eviota (1992). *The Political Economy of Gender, Women and the Sexual Division of Labour in the Philippines.* London and New Jersey: Zed Books Lts. Philippine reprint by the Institute of Women's Studies, St. Scholastica's College, Manila.

Francis A. Gealogo (1995). "Kasarian at Kabuhayan: Ilang tala sa kasaysayang demograpikal ng paggawa at pasahod sa Pilipinas, 1903-1948" sa *Philippine Social Sciences Review*, Vol. 53, Nos.1-4, January-December 1995.

Carolyn Israel Sobritchea (1996). "American Colonial Education and Its Impact on the Status of Filipino Women" sa *Women's Role in Philippine History:Selected Essays.* Quezon City: University Center for Women's Studies, University of the Philippines

## End Notes

[1] Sa pananaliksik ni Sobritchea,limitado ang edukasyon ng kababaihan sa mga anak ng nakaririwasang uri at minimal ang kanilang kaalaman sa pagbasa, pagsulat, arithmetic, relihiyon at pananahi. (Sobritchea:82)